Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Hulyo 14, 2025

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
• STA. CRUZ, LAGUNA •
RECEIVED
JUL 15 2025
By: VIA Ref #:
sanggunianpanlalawigan@gmail.com
#(049) 501-1026/(049) 523-4108

G. ALENADRO Y. YU
Kalihim
Sangguniang Panlalawigan
Sta. Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim:

Magalang na isinusumite sa inyong Tanggapan ang naritong kalakip na Pambayang Kautusan/Appropriation . Ordinance na napagtibay ng Sangguninang Bayan ng Cavinti, Laguna gaya ng mga sumusunod:

1. Pambayang Kautusan Blg. 055-2025 – "Isang Kautusan na Nagtatakda ng mga Panuntunan sa Pagkilala at Pag-aakreditasyon ng mga Civil society Pagkilala at Pag-aakreditasyon ng mga Civil Society Organization(CSO) sa bayan ng Cavinti, Lalawigan ng Laguna.
2. Appropriation Ordinance No. 025-2025 – An Ordinance Approving supplementatl Budget No. 1 and 2 for F.Y. 2025 of the Municipality of Cavinti, Laguna, to be taken from Saving from the Unused Salaries and Surplus for FY 2023 and 2024 to be appropriated for the Implementation of the Second Tranche Salary Increase and Medical Alowance, Training expenses-Abroad Amounting to Four Million,Seven Hundred Twenty-Seven Thousand,six Hundred Ninety Pesos and Ninety-Three Centavos(PHP 4,727,690.93).

Kalakip: Kap. Blg. 633-2025
Proposed Supplemental Budget No. 1 & 2
LBP Form No. 8
LBP Form No. 9
Supplemental Annual Investment Program No. 1
Statement of Supplemental Appro. of Salary Increase & Medical Allowance, Statement of Savings from Unused Salaries & Prior Year Surplus
MDC Res. No. 01-2025

Mangyaring patunayan ang pagtanggap nito.

Lubos na gumagalang,

NITZSHELLE T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 130 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA- 9 NG HUNYO 2025 SA BAHAY PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC CAVINTI, LAGUNA.

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
• STA. CRUZ, LAGUNA •
RECEIVED
JUL 15 2025
By: VIP Ref #:
sangguniangpanlalawigan@gmail.com
(049) 501-1026/(049) 523-4108

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN/
Nangulong Pinuno

Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President

HINDI DUMALO: Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
*(Vacation Leave)*

## PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 055 – 2025

**ISANG KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN SA PAGKILALA AT PAG-AAKREDITASYON NG MGA CIVIL SOCIETY ORGANIZATION (CSO) SA BAYAN NG CAVINTI, LALAWIGAN NG LAGUNA.**

**May-Akda: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member**
*Chairman, Committee on Ordinances and Legal Matters*

**SAPAGKAT,** bilang pagtaguyod sa Batas ng Republika Blg. 7160 o higit na kilala sa tawag na “Ang Kodigo ng Pamahaalang Lokal ng Pilipinas ng 1991”, at ang Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG) ay nagpalabas ng Memorandum Circular No. 2022-083 na may petsa Hunyo 15, 2022, na nagtatakda ng mga alituntunin sa pag-akredit ng mga *Civil Society Organizations*;

**SAPAGKAT,** ayon sa itinatakda ng Artikulo 64 ng Batas ng Republika Blg. 7160 (Implementing Rules and Regulations (IRR) ng Local Government Code), inaatasan ang bawat Yunit ng Pamahalaang Lokal (LGU) na makapagtibay ng alituntunin kaugnay sa pagpili ng kinatawan sa Local Special Bodies ng Bayan;

**SAPAGKAT**, alinsunod din sa Seksyon 34 ng Kodigo na ang mga Yunit ng Pamahalaang Lokal ay magtataguyod ng pagtatag at operasyon ng pang-mamamayan at ng hindi-pampamahalaang organisasyon upang maging aktibong kabalikat sa pagkakamit ng lokal na pagsasarili o awtonomiya;

**SAPAGKAT,** ang mga Civil Society Organizations ay ang mga iba't ibang Sektor ng Lipunan ng nagbibigay sigla sa lahat ng uri ng hakbangin sa pagpapaunlad at katuwang ng Pamahalaang Bayan sa kaunlaran;

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT DE LEON OLIVEROS
Vice Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan



OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE
DATE: 07-4-25

**KUNG KAYA'T ,DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Romel J. Villanueva, Tagapangulo sa Lupon ng mga Batas at Usaping Legal, at buong pusong pinagkaisahan ng lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan;

**IPINAG-UUTOS,** na pagtibayin ang sumusunod na ;

**SEKSYON I** - ***TITULO***. Ang Kautusang ito ay tatawaging at kikilalanin " ***Kautusang Nagtatakda ng mga Panuntunan sa Pagkilala o Akreditasyon ng Civil Society Organization ng Bayan ng Cavinti***".

**SEKSYON II - *SAKLAW NG KAUTUSANG ITO.*** Ang lahat ng Samahang Di-Pampamahalaan ng Bayan ng Cavinti na nagnanais kilalanin bilang legal na Samahan o organisasyon at naghahangad na maging bahagi at/o kinatawan ng *Local Special Bodies* ng Pamahalaang Bayan ng Cavinti;

**SEKSYON III- *KAHULUGAN NG MGA SALITA.***

III.a.***Civil Society Organization*** – Mga Samahang hindi namumuhunan(non-stock) at hindi kumikita(non-profit) na Samahan na gumagawa para sa pag-unlad ng Lipunan at kalagayan ng mga mamamayan;

III.b.***Local Special Bodies***- Pangkat na natatangi sa isang Yunit ng Pamahalaang Lokal tulad ng Lokal na Kapulungan sa Pagpapaunlad (Local Development Council), Lokal na Lupong Pampaaralan (Lokal School board), Lokal sa Kapulungan sa Pangkapayapaan at Kaayusan (Peace and Order Council), Lokal sa Lupong Pangkalusugan (Local Health Board);

III.c.***Inventory*(Imbentaryo)** – Isang Paraan ng pagtitipon ng mga impormasyon ukol sa Civil Society Organization na ginawa ng magkasanib na Tanggapan ng Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at ng kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal;

III.d.***Accredidation*(Akreditasyon)**- pagkakaloob ng Kapasiyahan ng Pagkilala sa mga Civil Society Organizations na ipinapatupad sa loob ng Animnapung Araw(60) mula ng buuin ang bagong halal na mga kasapi ng Sanggunian upang sila ay kumatawan sa mga Natataniging Lupong Lokal para sa pakikilahok sa mga programa ng pamahalaan at ma-akredit ang kanilang Samahan upang maging legal;

III.e.***Directory*** – mga dokumentong nagtataglay ng mga kaalaman sa Civil Society Organization para sa Pamahalaang Lokal;

III.f. ***Non-Government Organization*** **(NGO)** – tumutukoy sa non-stock at non-profit na Samahan na nakikipag-ugnayan sa iba't ibang sektor para sa kapakanan ng mga mamamayan;

III.g.***MAFC*** - *Municipal Agriculture and Fisheries Council*;

III.h.***PLEB*** - *Peoples Law Enforcement Board*;

III.i.**DILG** - *Department of Interior and Local Government.*

ARANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT DE LEON OLIVEROS
Vice Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

**SEKSYON IV-** ***MGA PANUNTUNAN SA PAGPILI AT IMBENTARYO NG MGA KIKILALANING SAMAHAN.***

IV.a. Sa pamamagitan ng Cavinti LGU CSO Desk Officer na itinalaga ng Punumbayan ay magkakaroon ng CSO Conference para magkaroon ng pinakabagong directory ng CSO na magiging batayan sa gagawing *"Notice of Call for Accredidation.";*

IV.b. Kinakailangan ang pinakabagong listahan ng CSO ay ipapaskel sa tatlong(3) mga hayag na lugar o Municipal Social Media Account o Website ng Bayan ng Cainti upang malaman ang impormasyon na sila ay nasasakop ng huridikasyon ng Pamahalaang Bayan;

IV.c. Ang itinalagang CSO Desk Officer ay magpapalabas ng pinal na listahan ng mga Samahan na maaaring makilala o ma-akredit ng Sanggunian;

IV.d. Batay sa ipinalabas na listahan ng CSO Desk Officer, Ang Sangguniang Bayan ay mag-iisyu ng Notice of Call for Accredidation;

IV.e. Ang Tanggapan ng Sangguniang Bayan sa pamamagitan ng Kalihim ng Sanggunian ay maghahanda ng mga listhan ng mga dokumento sa pagkilala'pag-akredit ng mga Samahan;

IV.f. Susuriin at pag-aaralan ng bumubuo ng Sanggunian ang mga aplikasyon ayon sa itinakda ng kautusang ito bago matapos ang buwan ng Agosto pagkatapos ng Lokal na Halalan ng walang bayad. Lahat ng aplikante na huling magsumite ng aplikasyon ay tutugunin ng Sangguniang Bayan pagkaraan ng isang buwan matapos na isumite ang mga kailangang dokumento sa pagkilala;

IV.g. Na, sa Loob ng tatlong (3) taon na nagkaroon ng pagbabago sa pamunuan , kinakailangang ipagbigay-alam sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan at CSO Desk Officer;

IV.h. Ang Sangguniang Bayan sa pamamagitan ng Kapasiyahan ay susuriin ang mga isinumiteng dokumento gaya ng mga sumusunod:

- Liham ng Kahilingang ng Pagkilala;
- Board Resolution na binibigyan ng kapangyarihan ang kinatawan ng Samahan sa pagpapakilala/pag-akredit ng Samahan sa Local Special Bodies;
- Proyektong nagawa ng Samahan ng nakaraang taon;
- Taunang plano ng pagpapaunlad ng Samahan;
- *Securities and Exchange Commission(SEC)* , Cooperative *Development Authority(CDA)*
- *Department of of Labor and Emplyment(DOLE),*
- *Department of Human Settlements and Urban Development (DSHUD),*
- *Registration* at iba pang Ahensya ng Pamahalaang Nasyonal na nagbibigay ng pagkilala sa mga samahan;
- Pinagtibay na *By-Laws*/Alituntuning Panloob;

**ARRATLEE P. ARROYO**
Municipal Mayor

**MILBERT DE LEON OLIVEROS**
Vice Mayor

**NITZSHELL TORRES-DELA TORRE**
Secretary to the Sangguniang Bayan

**SEKSYON V- TALATAKDAAN AT MGA GAWAIN.**

| | | |
|---|---|---|
| - 1st Week ng July | - | Posting of Inventory of CSO |
| - 2nd Week ng July | - | Conduct of Inventory |
| - 3rd to 4th Week ng July | - | Posting of Draft Updated List of CSO |
| - 4th Week ng July | - | Posting of Updated inventory of CSO |
| - 1st Week ng August | - | Issuance of Notice of Call for Accreditation of CSO Conference |
| - 2nd-3rd Week ng August | - | Submission of Requirements |
| 1st Week ng September | - | Selection of Representative of the Local Special Body |
| - 2nd Week ng September | - | Meeting among Accredited CSO |
| - 3rd Week ng September | - | Joint Organizational Meeting |
| - 4th Week ng September | - | Issuance of Executive Order(EO) Reconstituting of LSB composition |

**SEKSYON VI – *PAGLALATHALA*** . Ilalathala ng Sangguniang Bayan ang mga Pinagtibay o Bagong kinilala/inakredit na mga *Civil Society Organizations* at hihimukin ang iba pang organisasyon/asosasyon na magpa-akredit ng kanilang Samahan sa pamamagitan ng kanilang halal na pangulo;

**SEKSYON VII – *KATIBAYAN.*** Matapos ang pagkilala sa pamamagitan na rin ng isang kapasiyahan ay bibigyan na rin ito ng KATIBAYAN NG PAGKILALA;

**SEKSYON VIII – *PAGKAANTALA(Pending)*** . Ang sinumang Samahan na CSO's o NGO's na hindi makapagsumite ng itinakda ng Kautusang ito ay hihintayin ang pagpapatibay ng aplikasyon hanggang makumpleto ang itinakda

**SEKSYON IX – *PAGBUO NG NATATANGING PANGKAT (Local Special Bodies) AT PAGPUPULONG.*** Sa ikalawang lingo ng Setyembre, lahat ng *Accredited Civil Society Organizations* ay pupulungin ng kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at *CSO Desk Officer* para sa pagpili ng mga natatanging pangkat tulad ng mga sumusunod:

- Lokal na Lupong Pangkalusugan *(Local Health Board)* -Section 102 ng R.A. 7160;
- Lokal na Lupong Pampaaralan *(Local School Board)*-Section 98 ng R.A. 7160;
- Lokal na Kapulungang sa Pangkatahimikan at Kaayusan *(Peace and Order Council)- Section* 116 ng R.A. 7160;
- Lokal na mga Kapulungan sa Pagpapaunlad (Municpal Development Council) Section 11(b) 108 ng R.A. 7160

**SEKSYON X- *HINDI PAGPAPAHINTULOT.*** Hindi pinahihintulutan ang sinumang empleyado ng gobyerno, ito man ay permanente, *co-terminus*, *casual*, *elected*, *appointed* at *job order* na maging kinatawan ng organisasyon sa *Local*

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT DE LEON OLIVEROS
Vice Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

*Special Bodies* (LSB), para maiwasan ang tinatawag na "*conflict of Interest*" ayon sa itinakda ng *Section 1(1), Rule IX of the Code of Conduct and Ethical Standard for Public Officials and Employees (R.A. 6713).* Hindi nasasakupan ng Kautusang ito.

**SEKSYON XI – *CO-TERMINOUS***. Ang Termino ng mga napiling Kinatawan ng *Civil Society Organization* ay *Co-Terminous* sa *Local Chief Executive.*

**SEKSYON XII – *PASUBALI* (Exemptions).** Alinsunod sa *DILG Memorandum Circular No.* 2022-83 na may petsa Hulyo 15, 2022, itinatakda na ang *Bids and Awards Committee(BAC)* at *Peoples Law Enforcement Board(PLEB)* ay eksemsyon sa pagpapa-akredit bilang isa sa mga *Local Special Bodies* ng Pamahalaan.

**SEKSYON XIII. *SUGNAY NA NAGPAPAWALANG BISA.*** Na ang anumang mga naunang kautusan na sumasalungat sa isinasaad ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at saysay, upang mabigyang daan ang mga pag-amyenda sa kautusang ito.

**SEKSYON XIV – *HIWALAY NA SUGNAY*** . Na kapag ang anumang bahagi o probisyon ng kautusang ito ay naideklarang hindi naaayon sa mga Saligang Batas at iba pang takdain ay hindi nakakaapekto sa katumpakan at pagkakabisa ng iba pang mga bahagi o probisyon.

**UTOS**: Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang mga KINAUUKULANG AHENSIYA NG PAMAHALAAN, para sa kanilang maagang kaalaman at kaukulang tala .

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kautusang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika- 130 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika- 9 ng Hunyo, 2025.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**ATTESTED:**

**HON. MILBERT L. OLIVEROS**
**VICE MAYOR AND PRESIDING OFFICER**

**APPROVED:**

**HON. ARRANTLEE R. ARROYO**
**MUNICIPAL MAYOR**

***Date Signed :*** 07-04-2025